<b>Senior Service Council of Escondido Taxi Coupon Program</b> 728 N Broadway, Escondido, CA 92025 (760) 480-0611 <a href="http://escondido-senior-services.org">escondido-senior-services.org</a>	Curb-to-curb	Libre	Mga residente ng Escondido na edad 50+ at walang iba pang masasakyan; Taunang kita na <\$30,000 para sa sambahayang binubuo ng 1-2 tao; Personal na mag-aplay at magdala ng patunay ng kita at Photo ID na may petsa ng kapanganakan	Lungsod ng Escondido	Mga taxi coupon para sa mga medikal na appointment, pamimili, pagpunta sa bangko, atbp. sa Escondido lang; Tumawag para sa mga booklet tuwing Martes at Miyerkules nang 9AM-11:30AM; Puwedeng i-pick up mula sa mga tanggapan ng Lungsod o ipadala ang mga voucher
<b>Solana Beach Dial-a-Ride Taxi Voucher Program</b> (858) 720-2400 <a href="http://ci.solana-beach.ca.us">ci.solana-beach.ca.us</a>	Curb-to-curb *Ibibiyahe ang mobility na aparato	\$7.50 kada booklet (\$20 ang katumbas na halaga); Isang booklet lang ang puwede kada buwan	Mga residente ng Solana Beach na edad 65+ o may pisikal na kapansanan na natutugunan ang mga kinakailangan sa kita; Kailangan ng aprubadong aplikasyon	Lungsod ng Solana Beach	Anumang paggamit; matatanggap ang mga voucher sa koreo pagkabayad dito (Kasalukuyang tinatanggap lang ng Yellow Cab at Courtesy Cab)

# Hanapin ang Susunod Mong Masasakyan

Tiyakin na suriin din ang seksyong “Lahat ng Rehiyon” simula sa pahina 10 upang makakita ng mga karagdagang tagapagbigay ng serbisyo na naglilingkod sa North Coastal/Inland region.

NORTH COASTAL/INLAND					
Pangalan	Uri ng Serbisyo	Presyo	Pagiging Kwalipikado	Lugar ng Pinagmulan	Paggamit at Pagkakaroon
<b>Tri-City Patient Transport Express</b> (760) 940-7433 <a href="http://tricitymed.org">tricitymed.org</a>	Curb-to-curb *May wheelchair lift/ibibiyahang mobility na aparato	Libre	Mga pasyente ng Tri-City na walang iba pang masasakyan	Mga Lungsod ng San Marcos, Vista, Carlsbad, Oceanside	Transportasyon lang para sa pagpunta sa/pag-uwi mula sa mga medikal na appointment; 7:30AM-3PM Dapat mag-book nang hindi bababa sa 1 araw bago ang biyahe, tumawag sa pagkakataong makumpirma ang medikal na appointment;
<b>Vista Community Clinic Transportation</b> (844) 308-5003 <a href="http://vistacommunityclinic.org">vistacommunityclinic.org</a>	Curb-to-curb Door-to-door	Libre	Mga nakakalakad na pasyente ng VCC lamang na walang akses sa iba pang transportasyon;	Mga Lungsod ng Vista at Oceanside	Transportasyon papunta sa/pauwi mula sa lokasyon ng klinika; Dapat mag-book nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang biyahe (tumawag upang kumpirmahin ang pagkakaroon);
<b>Yellow Taxicab of North County</b> (760) 444-4444 <a href="http://driveu.com">driveu.com</a>	Curb-to-curb *Ibibiyahang mobility na aparato	\$2.80 ang nakapirming bayad at \$3/milya	Walang kinakailangan sa pagiging kwalipikado	North Inland at Coastal lang	Anumang paggamit; Agarang serbisyo

# Hanapin ang Susunod Mong Masasakyan

Tiyakin na suriin din ang seksyong “Lahat ng Rehiyon” simula sa pahina 10 upang makakita ng mga karagdagang tagapagbigay ng serbisyo na naglilingkod sa North Central region.

NORTH CENTRAL					
Pangalan	Uri ng Serbisyo	Presyo	Pagiging Kwalipikado	Lugar ng Pinagmulan	Paggamit at Pagkakaroon
<p><b>Out &amp; About Peninsula</b> (619) 223-1640 <a href="http://sdcvdc.org/programs">sdcvdc.org/programs</a></p>	<p>Curb-to-curb (serbisyo ng boluntaryong drayber) Door-through-door (van na serbisyo) *Ibibiyahe ang mobility na aparato</p>	<p>\$85/taon ang membership na bayad \$5 ang mungkahing donasyon para sa shopping van; Walang bayad para sa serbisyo ng boluntaryong drayber</p>	<p>Edad 65+; Dapat ay nakarehistrong miyembro ng Peninsula Shepard Center</p>	<p>Mga zip code: 92106, 92107, 92110</p>	<p>Transportasyon para sa mga medikal na appointment, pamimili ng grocery, atbp.; Dapat mag-book nang hindi bababa sa 1 araw nang mas maaga para sa shopping van o 1 linggong mas maaga para sa mga serbisyo ng boluntaryong drayber</p>
<p><b>Seniors A Go Go</b> (619) 284-9281 <a href="http://elderhelpofsandiego.org">elderhelpofsandiego.org</a></p>	<p>Curb-to-curb Door-to-door Door-through-door *Ibibiyahe ang mga tungkod o mga walker</p>	<p>Batay sa Donasyon</p>	<p>Edad 60+; Kailangang mag-aplay</p>	<p>Sentral at mga piling lugar sa North County – tumawag upang malaman kung nasa pinagseserbisyu hang lugar ang iyong lugar ng pinagmulan</p>	<p>Transportasyon papunta sa mga medikal na appointment. Maaaring may mga biyahe papunta sa iba pang destinasyon depende sa kapasidad ng mga boluntaryo; Kapag nakapag-enrol na, dapat mag-book ng biyahe nang hindi bababa sa 1 linggo bago ang biyahe</p>

# Hanapin ang Susunod Mong Masasakyan

## Masasakyan

Tiyakin na suriin din ang seksyong “Lahat ng Rehiyon” simula sa pahina 10 upang makakita ng mga karagdagang tagapagbigay ng serbisyo na naglilingkod sa South region.

SOUTH					
Pangalan	Uri ng Serbisyo	Presyo	Pagiging Kwalipikado	Lugar ng Pinagmulan	Paggamit at Pagkakaroon
<b>IB Shuffling</b> (619) 808-3970 <a href="http://www.ibshuffling.com">www.ibshuffling.com</a>	Curb-to-Curb *Puwedeng magbiyahe ng mga mobility na aparato	Flexible ang pagpepresyo; \$10 ang minimum na may \$5/seat na singil para sa mga grupong may mahigit 2 tao	Walang mga paghihigpit	Lungsod ng Imperial Beach	Transportasyon sa buong Imperial Beach, walang paghihigpit sa pagbiyahe; May mga serbisyo nang 8AM-2AM araw-araw
<b>Paradise Health &amp; Senior Center Transportation</b> (619) 585-4257 <a href="http://paradisevalleyhospital.net">paradisevalleyhospital.net</a>	Curb-to-curb *May wheelchair lift/ibibiyahe ang mobility na aparato	Libre	Mga pasyente ng Paradise Valley Hospital na edad 65+	Mga Lungsod ng National City at Chula Vista	Medikal na transportasyon lang; lareglo ang transportasyon kapag nagpapa-appointment Magagamit: 10AM-12PM
<b>Muling Pagbabago ng Buhay</b> (619) 517-3239 <a href="http://renewinglife4SD.com">renewinglife4SD.com</a>	Curb-to-curb Door-to-door Door-through-door *Ibibiyahe ang mobility na aparato kapalit ng bayad	Libre	Dapat isang nakatatanda (60+) at/o may kapansanan na naninirahan sa kwalipikadong pinagseserbisyu hang lugar	Congregational Towers, Harvest Ridge, Towne Centre Manor, at Summercrest	Transportasyon papunta sa mga medikal na appointment; Tumawag para sa higit pang impormasyon; Dapat mag-book nang hindi bababa sa 3 araw bago ang biyahe

# Hanapin ang Susunod Mong Masasakyan

Tiyakin na suriin din ang seksyong “Lahat ng Rehiyon” simula sa pahina 10 upang makakita ng mga karagdagang tagapagbigay ng serbisyo na naglilingkod sa South region.

SOUTH					
Pangalan	Uri ng Serbisyo	Presyo	Pagiging Kwalipikado	Lugar ng Pinagmulan	Paggamit at Pagkakaroon
<b>Salvation Army Senior Nutrition Program</b> (619) 498-0298 <a href="http://salvationarmy.org">salvationarmy.org</a>	Door-to-door *Ibibiyahe ang mobility na aparato	\$2 ang iminumungkahing donasyon	Edad 60+; Dapat mag-enrol sa programa sa nutrisyon	Lungsod ng Chula Vista (91910, 91911)	Panggrupong transportasyon papunta sa mga programa sa nutrisyon para sa nakatatanda sa Chula Vista; Dapat mag-book 1 araw bago ang biyahe
<b>Veterans Transportation Service</b> (858) 552-7572 <a href="http://sandiego.va.gov">sandiego.va.gov</a>	Curb-to-curb Door-to-door *Maa-akses sa wheelchair	Libre	Dapat beterano; Dapat sa VA ang appointment	Lungsod ng Chula Vista (May iba pang opsyon sa mga lungsod ng San Diego at El Cajon)	Medikal na transportasyon papunta sa/pauwi mula sa mga medikal na sentro at mga klinika ng VA; Dapat mag-book nang hindi bababa sa 2 araw ng negosyo bago ang appointment



# Teknikal na Gabay sa Mga




Sa pamamagitan ng paggamit ng smartphone o tablet, makakapag-akses ka ng iba't ibang mapagkukunan para sa transportasyon. Gagabayan ka ng mga tagubilin sa ibaba nang step-by-step sa proseso ng paghahanap at pag-download ng mga makakatulong na app gamit ang iPhone, iPad, o Android (anumang produktong hindi Apple) na aparato.

## Paghahanap at pag-download ng mga app sa App Store (iPhone)


### HAKBANG 1

Buksan ang App Store




### HAKBANG 2

I-tap ang magnifying glass




### HAKBANG 3

I-type ang pangalan ng app at i-tap ang SEARCH



### HAKBANG 4

I-tap ang GET




### HAKBANG 5

I-tap ang INSTALL






# Teknikal na Gabay sa Mga



## Paghahanap at pag-download ng mga app sa Play Store (Android)


### HAKBANG 1

Buksan ang Play Store




### HAKBANG 2

I-tap ang search bar




### HAKBANG 3

I-type ang pangalan ng app at hanapin ito



### HAKBANG 4

I-tap ang INSTALL



# Mga Transit at Transportation na



PANGALAN	PRESYO	PAGLALARAWAN
<b>Google Maps</b>	Libre	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nag-aalok ng satellite imagery, aerial photography, mga mapa ng kalye, mga 360° panoramic pananaw ng mga kalye, mga aktwal na oras na lagay ng trapiko, at pagpapalano ng ruta para sa naglalakad at pagbiyahe sakay ng kotse, bisikleta, eroplano, o pampublikong transportasyon</li> </ul>
<b>Lyft</b>	Nakadepende sa milya ng biyahe	<ul style="list-style-type: none"> <li>Humiling ng masasakyan mula sa mga kalapit na drayber</li> <li>Ipapakita ng app ang pangalan ng drayber, mga rating niya, at mga larawan ng drayber/sasakyan</li> </ul>
<b>One Bus Away</b>	Libre	<ul style="list-style-type: none"> <li>App ng MTS para sa mga ruta ng bus na nagbibigay ng aktwal na oras na transit datos para sa San Diego</li> <li>Magtakda ng mga alerto sa pag-alis, subaybayan ang ruta mo, at i-save ang mga paborito mong ruta</li> </ul>
<b>PRONTO – San Diego</b>	Libre	<ul style="list-style-type: none"> <li>Bumili ng mga ticket at pass para sa mga transit na serbisyo ng MTS at NCTD</li> <li>Gumawa ng profile, iplano ang ruta mo, at subaybayan ang katayuan ng pagdating</li> </ul>
<b>Transit App</b>	Libre	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mag-navigate sa pampublikong transit na sistema ng iyong lungsod sa pamamagitan ng mga tumpak at aktwal na oras na hula, simpleng pagpapalano ng biyahe, step-by-step na navigation, mga abiso sa pagkaantala ng serbisyo, at mga paalala sa pag-alis at hihintuan</li> </ul>
<b>Transit Tracker – San Diego</b>	Libre	<ul style="list-style-type: none"> <li>Makita ang pinakamalapit na istasyon ng bus at mga nakaiskedyul na hihintuan, at tingnan ang mga paparating na pag-alis sa dalawang mabilis na tap lang</li> </ul>
<b>Uber</b>	Nakadepende sa milya ng biyahe	<ul style="list-style-type: none"> <li>Humiling ng masasakyan mula sa mga kalapit na drayber</li> <li>Ipapakita ng app ang pangalan ng drayber, mga rating niya, at mga larawan ng drayber/sasakyan</li> </ul>
<b>Waze</b>	Libre	<ul style="list-style-type: none"> <li>GPS navigation software na app na nakakatulong sa paghahanap ng mga direksyon at pag-iwas sa mga traffic jam</li> <li>Nagbibigay ng impormasyon sa navigation, tagal ng biyahe, at mga detalye ng ruta</li> </ul>

# Glosaryo sa Transportasyon

## A

**Accessibility:** Ang lawak kung saan ang mga pasilidad, kabilang ang mga transit na sasakyan, ay walang mga hadlang at maaaring gamitin ng mga taong may mga kapansanan, kabilang ang mga gumagamit ng wheelchair.

**ADA complementary paratransit na serbisyo:** Inaatasan ng Americans with Disabilities Act (ADA) ang mga ahensya ng pampublikong transit na magbigay ng nakapirming ruta ng serbisyo upang magbigay ng mga “complementary paratransit” na serbisyo sa mga may kapansanan na hindi makakasakay sa nakapirming ruta na bus o tren dahil sa isang kapansanan. Partikular na tinutukoy ng ADA ang isang populasyon ng mga kostumer na may karapatan sa serbisyong ito bilang isang karapatang sibil. Itinatakda rin ng mga regulasyon ang mga minimum na katangian ng serbisyo na dapat matugunan para maituring ang serbisyo na katumbas ng nakapirming ruta na serbisyo na nilalayan nitong punan. Sa pangkalahatan, dapat ipagkaloob ang ADA complementary paratransit na serbisyo sa loob ng 3/4 ng isang milya ng isang ruta ng bus o istasyon ng tren, sa parehong mga oras at araw, sa halagang hindi lalampas sa doble ng pamasahe ng regular na nakapirming ruta na serbisyo.

**Americans with Disabilities Act (ADA):** Isinabatas ng Kongreso noong 1990, iniaatas ng Batas na ito na bigyan ang mga taong may kapansanan ng pantay na oportunidad sa trabaho, transportasyon, komunikasyon, at mga pampublikong kaluwagan. Sa ilalim ng ADA, inaatasan ang karamihan ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa transportasyon na bumili ng mga sasakyang may lift para sa mga nakapirming ruta na serbisyo nila at dapat nilang tiyaking magagamit ng buong sistema ng mga taong may kapansanan ang kanilang mga demand-responsive na serbisyo. Dapat ding dagdagan ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa pampublikong transit ang kanilang mga nakapirming ruta na serbisyo gamit ang mga paratransit na serbisyo para sa mga taong hindi kayang gumamit ng mga nakapirming ruta na serbisyo dahil sa kanilang kapansanan.

**Administration on Aging (AoA):** Isang ahensya ng U.S. Department of Health and Human Services na pinamumunuan ng Assistant Secretary para sa Nakatatanda. Ito ang pederal na sentro ng atensyon at ahensyang nagtataguyod ng mga nakatatanda, ayon sa iniaatas ng AoA, at nangangasiwa sa karamihan na mga programa ng AoA sa pederal na antas. Pinopondohan ng AoA ang anim na pangunahing serbisyo: Mga pansuportang serbisyo (kasama ang transportasyon); Nutrisyon; Mga serbisyo sa Pag-iwas sa sakit; Pambansang Programa ng Suporta sa Pang-pamilyang Tagapag-alaga; Mga serbisyong nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga vulnerable na nakatatanda; atbp. Ang AoA ay nagbibigay ng pamumuno, teknikal na tulong, at suporta sa pambansang network sa pagtanda.

# Glosaryo sa Transportasyon

**Area Agency on Aging (AAA o Triple A):** Isang pampubliko o pribadong hindi pangkalakal na ahensya, na itinalaga ng estado upang matugunan ang mga pangangailangan at alalahanin ng lahat ng nakatatandang Amerikano sa mga antas na rehiyonal at lokal. Ang terminong "ahensiya ng lugar sa pagtanda" ay isang generic na termino—maaaring iba't iba ang mga partikular na pangalan ng mga lokal na AAA [itinalaga bilang 501(c)(3) sa IRS]. Pangunahing responsable ang mga Triple A para sa heograpikong lugar tulad ng isang lungsod, isang county, o distritong may maraming county. Maituturing ang mga Triple A bilang isang county, lungsod, panrehiyong konseho sa pagpapalano, konseho ng mga pamahalaan, o hindi pangkalakal o pangkalakal na negosyo. May tatlong mahalagang gampanin ang lahat ng Triple A: Paggawa ng mga pang-maramihang taon na plano, pagbibigay ng impormasyon at referral sa magagamit na mga serbisyo at mga programa, at pagsasaayos ng mga AoA at iba pang mga pondo na sumusuporta sa kanilang pinagseserbisyuhang lugar.

**Busway:** Isang bahagi ng kalsada na para lang sa mga bus. Kilala rin ito bilang “bus lane.”

**Circulator bus:** Isang bus na gumagawa ng madalas na biyahe sa palibot ng maliit na heograpikong lugar na may ilang hinihintuan sa buong ruta. Karaniwan itong tumatakbo sa downtown o sa isang lugar na binibisita ng mga turista o ng maraming tao at may limitadong parking at mabagal ang daloy ng trapiko. Maaari itong ipatakbo nang buong araw o sa mga oras lang na mataas ang pangangailangan, gaya ng rush hour o tuwing tanghali.

**Pangkomunidad na transportasyon:** Ang grupo ng mga serbisyo sa transportasyon sa isang komunidad, kasama ang mga pampubliko at pribadong mapagkukunan, na magagamit upang tugunan ang mga pangangailangan sa mobility ng lahat ng miyembro ng komunidad.

**Consolidated Transportation Services Agency (CTSA):** Ang CTSA ay isang pagtatalaga sa ilalim ng batas ng estado, na nagsusulong ng pagsulit ng mga mapagkukunan at mga operasyon na nakalaan sa mga espesyal na serbisyo sa transportasyon. Ang FACT ay ang CTSA sa rehiyon ng San Diego at kasama sa mga serbisyong ibinibigay ng CTSA ay ang mga referral sa transportasyon sa pamamagitan ng telepono, mga referral sa website, at pagsasagawa ng mga workshop sa pagsasanay tungkol sa mga isyung nauugnay sa mobility.

**Serbisyong curb-to-curb:** Isang karaniwang gawain para sa mga paratransit na serbisyo, kung saan sinusundo at inihahatid ng sasakyan ang mga pasahero sa bangketa o daanan sa harap mismo ng kanilang bahay o destinasyon. Sa curb-to-curb na serbisyo, hindi aakayin ng drayber ang pasahero sa daanan o hagdan patungo sa pinto ng bahay o ibang destinasyon.

# Glosaryo sa Transportasyon

## D

**Pangangailangan-Pagtugon na serbisyo:** Isang uri ng transit na serbisyo na nagbibigay-daan sa mga indibidwal na pasahero na humiling ng transportasyon mula sa partikular na lokasyon papunta sa ibang partikular na lokasyon sa isang partikular na oras. Kadalasan, kailangang magpareserba upang magamit ang mga serbisyong ito.

**Taong may Kapansanan:** Sinumang tao na, dahil sa sakit, pinsala, edad, congenital malfunction, o iba pang permanente o pansamantalang kapansanan, ay hindi kayang, nang walang espesyal na mga pasilidad, gumamit ng lokal na transit na mga pasilidad at mga serbisyo nang kasing bisa tulad ng mga taong hindi gaano na-apektado.

**Door-to-door na serbisyo:** Isang anyo ng paratransit na serbisyo kung saan aakayin ang pasahero mula sa sasakyan patungo sa pinto ng bahay o ibang destinasyon ng pasahero. Nag-aalok ng mas mataas na antas ng serbisyo ang door-to-door kaysa sa curb-to-curb, pero hindi ito kasing espesyal ng “door-through-door” na serbisyo, kung saan talagang inaakay ng drayber ang pasahero sa loob ng pinagmulan o destinasyon.

**Door-through-door na serbisyo:** Ipinagkakaloob ng drayber o kasama sa transportasyon ang serbisyo sa pasahero hanggang makapasok sa tirahan at/o destinasyon.

## F

**Kita mula sa box ng pamasaha:** Isang termino sa pampublikong transportasyon na tumutukoy sa pera o mga ticket na nakolekta bilang bayad para sa mga masasakyan. Maaaring kasama sa kita mula sa box ng pamasaha ang cash, mga ticket, mga token, mga paglipat, o mga resibo ng pass.

**Istruktura ng pamasaha:** Ang batayan para sa pagtukoy kung paano sinisingil ang pamasaha. Ang mga karaniwang uri ng istruktura ng pamasaha ay batay sa layo (kapag mas malayo ang biyahe, mas mahal ang pamasaha), batay sa oras (mas mahal ang pamasaha kung bibiyahe sa peak na oras), o batay sa kalidad (karaniwang mas mahal ang mga pangangailangan-pagtugon na biyahe kaysa sa mga nakapirming ruta na biyahe o nakapirming pamasaha). Maaari ding mag-iba ang istruktura ng pamasaha batay sa edad, kita, o kapansanan ng pasahero. Halimbawa, kadalasang mas mura ang pamasahe sinisingil sa mga nakatatandang adulto, mga bata at kabataan, mga tumatanggap ng Medicaid, mga taong may limitadong kita, at mga taong may kapansanan.

# Glosaryo sa Transportasyon

**Federal Transit Administration (FTA):** Isang bahagi ng U.S. Department of Transportation na nangangasiwa sa pederal na pondo upang suportahan ang iba't ibang lokal na pinaplano, itinatayo, at mga pinapatakpong sistema ng pampublikong transportasyon sa buong U.S., kasama ang mga bus, mga subway, light rail, commuter rail, mga streetcar, monorail, mga ferry na bapor para sa pasahero, mga inclined railway, at mga people mover. Nagbibigay ang FTA ng tulong pinansyal para sa mga gastusin sa kapital, operasyon, at pagpaplano ng mga sistema ng pampublikong transportasyon.

**Nakapirming ruta na serbisyo:** Mga transit na serbisyo kung saan bumibiyahe ang mga sasakyan sa mga regular at nakaiskedyul na ruta nang may hindi nagbabago na mga hinihintuan at hindi lumilihis sa ruta. Karaniwang nailalarawan ang nakapirming ruta na serbisyo ng mga naka-print na iskedyul o mga timetable, mga nakatalagang hihintuan ng bus kung saan sumasakay at bumababa ang mga pasahero at ang paggamit ng mas malalaking stransit na asakyan.

**Flexible na pagruruta at mga iskedyul:** May direksyong sinusundan kapag bumibiyahe ang flexible na ruta na serbisyo pero puwede itong lumihis sa ruta o baguhin ang ruta upang makibagay sa mga partikular na kahilingan sa biyahe. Ang paglihis sa ruta at paglihis sa hihintuan ay mga halimbawa ng mga sistema ng flexible na ruta.

## H

**Headway:** Ang haba ng oras sa isang paghinto sa pagitan ng mga bus na sumusunod sa parehong ruta. Kung dumating sa Hinihintuan 1 ang mga bus na bumibiyahe sa Ruta A nang 9:00AM, 9:30AM, 10:00AM, at susunod, kalahating oras ang headway ng mga ito. Kapag sandali lang ang mga headway, sinasabing madalas na bumibiyahe ang serbisyo. Kapag matagal ang mga headway, madalang bumiyahang ang serbisyo.

**Transportasyon para sa mga serbisyong pantao:** Transportasyon para sa mga kliyente ng isang partikular na ahensya para sa pantao o panlipunang serbisyo na karaniwang limitado sa isang partikular na layunin ng biyahe. Kadalasang ipinagkakaloob ang mga biyahe para sa ahensya para sa pantaong serbisyo alinsunod sa kontrata sa isang ahensya para sa pantaong serbisyo at maaari itong ibigay nang eksklusibo o kasakay sa iba pang ahensya para sa pantaong serbisyo o pangkalahatang pampublikong serbisyo.

# Glosaryo sa Transportasyon

## M

**Mode, intermodal, multimodal:** Tumutukoy ang mode sa anyo ng transportasyon, gaya ng kotse, transit, bisikleta, at paglalakad. Tumutukoy ang intermodal sa mga koneksyon sa pagitan ng mga mode, at tumutukoy ang multimodal sa pagkakaroon ng mga opsyon sa transportasyon sa loob ng isang system o daanan.

## N

**National Resource Center for Human Service Transportation Coordination (NRC):** Itinatag noong 2007 bilang resulta ng Safe, Accountable, Flexible, Efficient Transportation Equity Act na pinapangasiwaan ng Community Transportation Association of America (CTAA) sa pamamagitan ng kasunduan sa pakikipagtulungan sa Federal Transit Administration. Ang pangunahing layunin ng NRC ay suportahan ang mga estado at mga komunidad sa mas mahusay na pagsamahin ang mga pampublikong transportasyon na serbisyo sa mga serbisyo at kinakailangan ng kanilang mga network sa pantaong serbisyo.

**National Center for Senior Transportation (NCST):** Isang mapagkukunan and sentro ng teknikal na tulong na pinopondohan ng FTA (Federal Transit Administration) at pinapangasiwaan ng Easter Seals Inc., sa pakikipagtulungan sa National Association of Area Agencies on Aging. Ang mga karagdagang miyembro ng grupo ay ang National Association of State Units on Aging (NASUA), Community Transportation, Association of America (CTAA), American Society on Aging (ASA) at ang Beverly Foundation. Ginagabayan din ng isang pambansang steering committee ng mga eksperto sa mga isyu sa transportasyon ng nakatatanda ang gawain ng NCST.

**National Network on Aging:** ang network ng mga pederal, pang-estado, at lokal na ahensya (U.S. Administration on Aging, mga pang-estadong yunit kaugnay ng pagtanda, at mga Area Agency on Aging) na binuo ng Older Americans Act.

# Glosaryo sa Transportasyon

**Hindi Pang-emergency na Medikal na Transportasyon (Non-Emergency Medical Transportation o NEMT):** Serbisyo sa transportasyon na ibinigay sa mga indibidwal na wala sa pang-emergency na sitwasyon pero nangangailangan ng tulong na higit sa kayang ibigay ng isang taxi na serbisyo. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay magkakaroon ng mga espesyal na kagamitan upang makapagsakay ng mga pasaherong naka-wheelchair, nasa stretcher, o may iba pang espesyal na pangangailangan.

## O

**Older Americans Act (OAA):** Pederal na batas na unang isinabatas noong 1965. Nagtatag ang batas ng pambansang network ng mga pederal, pang-estado, at lokal na ahensya upang magplano at magbigay ng mga serbisyo upang payagan ang mga nakatatanda na panatilihin ang kanilang independensiya sa kanilang mga bahay at komunidad. Binuo ng Batas ang imprastraktura para sa pag-aayos, pag-coordinate, at pagbibigay ng mga serbisyo at pagkakataon na nakabatay sa komunidad para sa mga nakatatandang Amerikano at kanilang mga pamilya.

## P

**Paratransit:** Mga uri ng transportasyon ng pasahero na mas flexible kaysa sa karaniwang nakapirming ruta ng transit pero mas may istruktura kaysa sa paggamit ng mga pribadong sasakyan. Ang paratransit ay isang pangkalahatang termino na maaaring gamitin upang ilarawan ang anumang paraan ng ibinahaging masasakay na transportasyon maliban sa mga mass transit na serbisyo na may hindi nakapirming ruta. Karaniwang gumagamit ng mga paratransit na serbisyo ang mas maliliit na sasakyan (wala pang 25 pasahero) at nagkakaloob ng advance-reservation at pangangailangan-pagtugon na serbisyo na alinman sa curb-to-curb o door-to-door. Ang mga paratransit na serbisyo na ipinagkakaloob upang maserbisyuhan ang mga pasaherong may kapansanan na hindi kayang gumamit ng mga nakapirming ruta na serbisyo at nakakatugon sa mga partikular na pagsusuri para sa equivalency sa serbisyo ay tinatawag na mga ADA complementary paratransit service.

## R

**Rapid transit:** Transit na serbisyo sa tren o bus na hiwalay sa iba pang paraan ng transportasyon na may eksklusibong right-of-way. Kadalasang bumibiyahe bilang express na serbisyo na kakaunti lang ang hinihintuan.



# Glosaryo sa Transportasyon

**Programa sa pagpapares ng rideshare/masasakyan:** Isang programang nagpapadali sa pagbuo ng mga carpool at vanpool, na karaniwang para sa mga biyahe para sa trabaho. Ang mga naturang programa ay may database na naglalaman ng impormasyon sa mga tagal ng biyahe, mga pinagmulan, mga destinasyon at mga kagustuhan sa drayber/pasahero ng mga gumagamit at mga potensyal na gumagamit. Ipinapares ng kawani ng programa ang mga indibidwal na naghihiling na sumali sa kasalukuyang pool o naghahanap ng mga pasahero.

## S

**Ruta ng serbisyo:** Mga transit na ruta na iniakma sa mga pangangailangan ng isang partikular na bahagi ng publiko (gaya ng mga nakatatandang adulto o mga taong may kapansanan) sa isang komunidad. Kadalasang nagreresulta ang mga ruta ng serbisyo mula sa pattern ng pangangailangan-pagtugon na biyahe sa loob ng isang komunidad. Kasama sa mga katangian ng isang ruta ng serbisyo ang mga hinihintuan sa mga high-density na pamahayan na complex o mga group home, pamilihan, mga medikal na pasilidad, at mga destinasyon na partikular sa target na populasyon gaya ng mga sentro para sa mga nakatatanda o mga nakasilong na lugar sa trabaho. Ang mga hinihintuan ay kadalasang malapit sa isang maa-akses na pasukan ng isang gusali sa halip na sa kalye, at karaniwang mas matagal ang biyahe kaysa sa “kumbensyonal” na nakapirming ruta na bumibiyahe sa halos parehong lugar. Madalas na mas maliit at maa-akses ang mga sasakyan para sa mga taong may kapansanan, at kadalasang nag-aalok ang mga drayber ng mataas na antas ng personal na tulong.

**Stair chair:** Natitiklop upuan na magagamit ng mga medikal at hindi medikal na taga-hatid upang ihatid ang mga pasahero sa nakaupo na posisyon sa mga makikipot na pasilyo o pataas o pababa ng hagdan.

**San Diego Association of Governments (SANDAG):** Ang SANDAG ay ang Metropolitan Planning Organization (MPO) at Council of Governments (COG) ng rehiyon ng San Diego, na nagtitipon ng mga lokal na tagapagpasya upang bumuo ng mga kalutasan sa mga isyu sa rehiyon, na kinabibilangan ng katarungan, transportasyon, kalidad ng hangin, pag-unlad ng ekonomiya, kalusugan ng publiko, kaligtasan ng publiko, pabahay, at iba pa.

**State Units on Aging (SUAs):** Mga ahensya ng pang-estado at panteritoryong pamahalaan na itinalaga ng mga gobernador at kongreso ng estado upang mangasiwa, mamahala, magdisenyo, at magtaguyod para sa mga benepisyo, mga programa, at mga serbisyo para sa mga nakatatanda at kanilang mga pamilya, at sa maraming estado, para sa mga adulto na may pisikal na kapansanan. Ang terminong “pang-estadong yunit sa pagtanda” ay isang pangkalahatang termino. Ang partikular na titulo at organisasyon ng pampamahalaang yunit ay mag-iiba depende sa estado at maaaring tawaging Kagawaran, Opisina, Kawanihan, Komisyon, Konseho, o

# Glosaryo sa Transportasyon

Lupon para sa mga nakatatanda, mga may edad, pagtanda, nakatatandang adulto, at/o mga adulto na may pisikal na kapansanan. Mula pa noong 1965, naipatupad na ng lahat ng Pang-estadong Yunit sa Pagtanda ang Older Americans Act (OAA) sa kani-kanilang estado. Sa pamamagitan ng pang-estadong network ng mga ahensya ng lugar sa pagtanda at mga tagapagbigay ng serbisyo, may iba't ibang serbisyong ipinagkakaloob sa mga nakatatanda, kasama na ang pangangalaga sa bahay, pagkaing inihahain sa grupo at hinahatid sa bahay, transportasyon, impormasyon at tulong, at pagtataguyod sa ngalan ng mga indibidwal na nakatatandang mamamayan. Ang mga SUA ay mayroon ding mahahalagang tungkulin sa patakaran, pagpapalano, at pagtataguyod sa paggamit ng ibang pederal, pang-estado, at lokal na mga pampubliko at pribadong pondo upang suportahan ang mga programa para sa pagtanda.

**Subscription na serbisyo:** Kapag humiling ang isang pasahero o grupo ng pasahero ng paulit-ulit na biyahe (gaya kung araw-araw o linggo-linggo), kadalasang iniiskedyul ang mga biyahe sa isang subscription o “standing order” na batayan. Gagawa ang pasahero ng kahilingan para sa isang unang biyahe, at awtomatikong iiiskedyul ng transit na sistema ang (mga) biyahe nila kada araw o linggo. Kadalasang ginagamit ang serbisyong ito sa pagbiyahe ng mga kliyente ng ahensya ng pantaong serbisyo papunta sa mga regular na programa ng ahensya.

## T

**Titulo III:** Isang titulo ng Older Americans Act na pinapahintulutan ang paggastos para sa mga programa sa nutrisyon at transportasyon na naglilingkod sa mga nakatatanda.

**Titulo VI:** Isang titulo ng Civil Rights Act of 1964 na nagtitiyak na walang sinumang tao sa United States ang madidiskrimina batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan. Iniaatas ng mga regulasyon sa pagpapalano ng transportasyon, na inisyu noong Oktubre 1993, na dapat naaayon sa Titolo VI ang mga proseso ng pagpapalano ng metropolitan na transportasyon.

**Transportation disadvantaged:** Isang terminong ginagamit para ilarawan ang mga taong halos wala o walang pag-akses sa mga makabuluhang trabaho, mga serbisyo, at libangan dahil hindi natutugunan ng sistema ng transportasyon ang kanilang mga pangangailangan. Kadalasang tumutukoy sa mga indibidwal na hindi makapagmaneho ng pribadong sasakyan dahil sa edad, kapansanan, o kakulangan ng mga mapagkukunan.

# Glosaryo sa Transportasyon

**Transportation Management Association (TMA):** Isang boluntaryong samahan ng mga pampubliko at pribadong ahensya at kumpanyang nagsama-sama upang bumuo ng mga programang nagpapaganda ng transportasyon sa isang rehiyon. Ang mga TMA ay ang mga naaangkop na organisasyon na mas mahusay na pamahalaan ang kinakailangan sa transportasyon sa mga suburban na komunidad na maraming tao.

## U

**U.S. Department of Health and Human Services (HHS):** Ang pederal na ahensyang nagpopondo ng iba't ibang transportasyon para sa mga pantaong serbisyo sa pamamagitan ng Administration on Aging, Head Start, Medicaid, Temporary Aid to Needy Families, at iba pang pederal na programa.

**U.S. Department of Transportation (DOT):** Ang pederal na kagawarang responsable para sa pagpopondo, kahusayan, at kaligtasan ng imprastruktura ng transportasyon sa highway, himpapawid, transit, pipeline, at tubig ng bansa.

## V

**Vanpool:** Isang paunang naiareglo na ridesharing na serbisyo kung saan regular na sama-samang bumibiyaha ang ilang tao sa isang van.

**Network ng Boluntaryo:** Ipinapares ng network ng boluntaryo ang mga kahilingan para sa transportasyon sa isang boluntaryong drayber na karaniwang binabayaran batay sa milya. Tinatawagan ng mga taong humihiling ng serbisyo ang network at tinatawagan ng network ang drayber at iniiskedyul ang biyahe. Kadalasang ginagamit ang mga network ng boluntaryo sa mga rural na lugar kung saan kulang ang mga mapagkukunan, maaaring naninirahan ang mga taong nangangailangan ng transportasyon sa malalayong lugar, at pangkaraniwan ang pagtutulungan ng komunidad.

## W

**Sasakyan na Maa-akses ng Wheelchair (Wheelchair-Accessible Vehicle, WAV):** Isang sasakyang sumusunod sa ADA at makakapagsakay ng isang pasaherong gumagamit ng wheelchair o iba pang personal na mobility na aparato na nangangailangan ng ramp o lift upang sumakay o bumaba sa sasakyan.

# Age Well San Diego



Isang rehiyunal na inisyatiba ang Age Well San Diego na pinangungunahan ng County ng San Diego para gawing mas magandang lugar para sa mga tao ng lahat ng edad ang ating mga komunidad upang makapamuhay ng malusog, ligtas, at umaangat na mga buhay. Noong 2016, sumali ang Lupon ng Tagapamahala ng County ng San Diego sa AARP® Network of Age-Friendly Communities at sa Dementia Friendly America Network at inilunsad nito ang Age Well San Diego upang pagplanuhan ang mabilis na lumalaking populasyon ng nakatatandang adulto sa ating rehiyon. Sa pagsali sa mga network na ito, isinagawa ng county ang limang taong proseso ng pagsusuri sa mga pangangailan at pakikipagtulungan sa mga residente ng komunidad, organisasyon, at iba pang stakeholder upang gumawa, magpatupad at sumuri ng isang plano ng

pagkilos. Binuo ang Plano ng Pagkilos ng Age Well San Diego noong 2018 bilang bahagi ng inisyal na Plano ng Pagkilos ng Age Well San Diego at kalaunan ay binago ito noong 2022 upang maipakita ang mga kasalukuyang pangangailangan at priyoridad ng komunidad. Kabilang sa mga layunin ng Age Well San Diego ang limang focus na larangan: Dementia, Suporta sa Kalusugan at Komunidad, Pabahay, Pakikibahagi sa Lipunan, at Transportasyon. Regular na nagpupulong ang iba't ibang grupo sa komunidad na binubuo ng mga kawani ng County, mga tagapagbigay ng serbisyo, mga residente, at iba pang mga stakeholder upang gabayan ang pagpapatupad, subaybayan ang progreso ng plano, at tumulong sa mga aktibidad sa pagsusuri. Tinutukoy na Transportation & Community Connections Team ang pangkat ng komunidad ng Age Well na Transportasyon na focus na larangan.

Pinagsasama-sama ng Transportation & Community Connections Team ang mga residente at mga propesyonal mula sa iba't ibang bahagi ng rehiyon upang gumawa ang isang ligtas, maa-akses, at makatarungang komunidad na may maayos na ugnayan sa mga mapagkukunan at mga aktibidad. Binago ang pahayag ng misyon ng Transportation & Community Connections Team noong 2023 at ganito ang nakasaad dito:

***“Suportahan ang abot-kaya, maa-akses, at makatarungang transportasyon at mga ugnayan sa komunidad, mga kalidad ng buhay na aktibidad, at mga espasyo para sa lahat ng edad.”***

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Age Well San Diego, bisitahin ang [www.livewellsd.org/agewell](http://www.livewellsd.org/agewell)

Upang mahanap ang mapagkukunan na ito online, bisitahin ang <https://www.livewellsd.org/i-want-to/learn-more/aging/age-well-san-diego/transportation>